

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
AND ALJO BENDIJO
JANUARY 8, 2021 (11:02 A.M. – 12:04 P.M.)

USEC. IGNACIO: Magandang umaga, Pilipinas. Hindi po kami matitinag sa pagtalakay sa mga isyu na mahalagang pag-usapan at maiparating sa taumbayan.

BENDIJO: Good morning, Usec. Ngayong Biyernes kasama ang mga kawani ng mga ahensiya ng pamahalaan, atin pong pakinggan ang kanilang mga programa kaugnay sa mga napapanahong isyu at usapin sa ating bansa; ako po si Aljo Bendijo.

USEC. IGNACIO: Mula po sa PCOO, sa ngalan ni Secretary Martin Andanar, ako naman po si USec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

At upang sumagot sa mga tanong ng bayan, maya-maya lamang makakasama natin sa programa ang ating mga panauhin mula sa DOST na sina Secretary Fortunato de la Peña at Asec. Leah Buendia; mula naman sa Department of Agriculture, si Assistant Secretary Kristine Evangelista; at Assistant Secretary Dominique Tutay mula naman po sa Employment and General Administration Cluster ng DOLE.

BENDIJO: Samantala, kung mayroon po kayong katanungan, mag-comment lamang sa live streaming ng ating programa sa PTV Facebook page.

USEC. IGNACIO: Sa unang tampok na balita: Malalaswang litrato at videos ibinibenta ng mga estudyante online bilang panustos sa kanilang pangangailangan sa online learning. Senator Bong Go, nanawagan sa mga concerned agencies para sa agarang imbestigasyon at pagpapaigting ng anti-cybercrime campaign. Narito ang detalye:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Sa puntong ito, employment recovery plan ngayong 2021 naman po ang ating pag-uusapan kasama si DOLE Assistant Secretary Dominique Tutay. Magandang araw po.

DOLE ASEC. TUTAY: Magandang araw po USec. Rocky and Sir Aljo at sa lahat po ng mga tagasubaybay po ninyo.

USEC. IGNACIO: Opo. Ma'am, dahil po sa epekto ng pandemya, marami sa ating mga kababayan ang nawalan o naapektuhan talaga iyong trabaho noong nakaraang taon. Sa inyo pong datos, ilang manggagawa po ang naging bahagi o parte ng bilang na ito?

DOLE ASEC. TUTAY: Opo. Iyon pong base sa labor force survey po ng Philippine Statistics Authority, iyon pong apat na survey rounds po nila, tayo po ay nagtapos sa 10.2% unemployment rate and that is equivalent to 4.5 million unemployed persons.

Doon po sa monitoring naman ng Department of Labor and Employment ng job displacement, mahigit 420,000 po iyong permanently nawalan po ng trabaho at mayroon din pong 4.5 million workers affected by flexible work arrangement at temporary closure.

USEC. IGNACIO: Opo. Isa po sa naging tugon ng DOLE upang kaagad na matulungan po iyong mga apektadong manggagawa, iyong pamamahagi po ng iba't ibang cash assistance sa ilalim po ng Bayanihan 1 at 2. Sa assessment po ng kagawaran, ano po iyong naging impact ng CAMP, TUPAD at AKAP sa ating mga manggagawa?

DOLE ASEC. TUTAY: Opo. Usec. Rocky under Bayanihan 1 and 2, mayroon po tayong about 28.8 billion sumatotal na pondo at ito po ay nagbigay po ng tulong sa mga 3.4 million na mga manggagawa mula sa formal sector, informal sector, pati na rin po iyong mga na-repatriate po natin na Overseas Filipino Workers.

Para po doon sa programa natin na CAMP, COVID Adjustment Measures Program na P5,000 financial assistance po, tayo po ay nakatugon sa pangangailangan ng 1.6 million na mga manggagawa sa formal sector.

Sa TUPAD naman po, iyong emergency employment para sa informal sector, 1.4 million po ang atin pong naaabot na mga informal sector workers at iyon pong ating Overseas Filipino Workers po na naapektuhan din po ng COVID-19, nasa 427,000 po ang ating natulungan.

USEC. IGNACIO: Opo. Asec., pag-asa po ang dala sa ating lahat ng 2021 kasama na po diyan iyong patuloy na pagsigla ng ekonomiya sa gitna ng ating laban sa pandemya. Maaari po ba nating idetalye kung ano itong inilatag ng DOLE na 3-year National Employment Recovery Plan; ano po iyong aasahan ng ating mga manggagawa para dito?

DOLE ASEC. TUTAY: Opo. Usec. Rocky iyon pong ating National Employment Recovery Plan, ito po ay hindi lamang sa pamamagitan po or initiative ng DOLE, kasama po natin dito ang Department of Trade and Industry at saka ang Technical Education and Skills Development Authority. Ngayon po ay nailagak na po natin iyong action plan at saka iyong mga istrategiya sa iba't ibang ahensiya po ng pamahalaan na maaari din pong makatulong para maisagawa po natin iyong National Employment Recovery Strategy.

Sa action plan po natin, mayroon pong apat na areas: Unang-una po, restarting of economic activities. Kasama po dito iyong mga polisiya at guidelines para po sa safe reopening ng ating mga negosyante at tina-target din po siyempre natin iyong safety and health po ng ating mga manggagawa at siyempre ng ating mga consumers. Kasama rin po dito iyong mga low interest or interest-free na business loans para makapagsimula po sila ng kanilang negosyo at muling bumangon at siyempre po nandiyan po iyong ating banner program ng Duterte administration na Build, Build, Build, ganoon din po iyong Balik Probinsya na initiative po naman ni Senator Bong Go, iyong livelihood and emergency employment.

Iyong pangalawa pong component ng ating action plan, ito po iyong restoration of business confidence. So mayroon po itong mga COVID-19 proofing of our business establishments, consumer protection and reboot package for the micro, small and medium enterprises lalung-lalo na po at usong-uso po ngayon iyong mga online entrepreneurship at e-commerce.

Iyong pangatlo pong component ng ating action plan is the upgrading and retrieving of our workforce. So mayroon po tayong mga iba't ibang skills training, productivity training at ganoon din po, pinakaimportante po ito – digital skills training po para sa ating mga manggagawa dahil

alam po natin na nag iba na po ang anyo at role ng ating mga manggagawa in workplaces after the COVID-19 at dito po sa ating tinatawag na industrial revolution.

At pang-apat po, nandiyan pa rin po iyong ating facilitation to labor market access ng ating mga job seekers. So magkakaroon pa rin po tayo ng mga career fairs, job fairs at mga webinars po pero iyong career fairs and job fairs po, iyan ay gagawin pa rin po natin online.

USEC. IGNACIO: Opo. Asec., ano po dito iyong mararamdaman o talagang makikita na po ng taumbayan sa taong ito?

DOLE ASEC. TUTAY: Opo. Inaasahan po natin, Usec. Rocky, na maganda po ang magiging outlook natin for 2021. Hindi man po ito babalik doon sa pre-COVID pandemic situation po natin but at least po malaki po ang opportunity na makabangon na po talaga ang ating ekonomiya at ang ating mga manggagawa.

Naka-focus po sa businesses at mga manggagawa iyong tinatawag po natin na National Employment Recovery Strategy kaya nga po papasiglahin po ulit natin iyong mga market information po natin and employment facilitation. Mayroon po tayong inilaan na webpage para po doon sa mga naghahanap ng trabaho at saka ng training at puwede po silang pumunta sa www.ble.dole.gov.ph at kasama po natin ang private sector para po mag-offer ng iba't ibang employment opportunities po para sa ating mga manggagawa.

USEC. IGNACIO: Opo, iyan, ang gusto po talaga natin ay iyong makabangon ang ating ekonomiya. Pero, Asec., paano ninyo po hinihikayat iyong mga employers na magbukas pa ng mga bakanteng trabaho para sa ating mga kababayan lalo na at iyong mga tinamaan po o talagang naramdaman nang husto iyong krisis o pandemya?

DOLE ASEC. TUTAY: Opo, kasama po iyan doon sa nabanggit ko, Usec. Rocky, na re-starting the economic activities and then the restoration of the business confidence. So importante po dahil nasa pandemya pa rin po naman tayo ay mga polisiya na pupuwede pong maging safe ang ating mga manggagawa, maging safe din po ang ating business. At ito po, iyong mga loans na ibibigay po sa ating mga negosyante para makapag-umpisa, ay sana po maging sapat ito na maging inspirasyon po nila, at I'm sure mayroon pa rin pong ayuda na ibibigay po ang ating pamahalaan under the 2021 General Appropriations Act.

Sa atin pong mga kabataan, samantalain ninyo po iyong mga programang na ibibigay po natin kagaya po ng special program for employment of students, government internship program at saka po iyong job start dahil alam po natin, malaki pong [garbled] ng mga naapektuhan noong 2020 ay ang atin pong mga kabataan na hindi po sila nakapag-participate sa labor market.

USEC. IGNACIO: Opo. Patungkol pa rin sa ayuda, Asec., ano na po iyong nangyari sa mungkahi ng wage subsidy ng gobyerno? Matutuloy pa po ba ito?

DOLE ASEC. TUTAY: Opo. Wala po siya, Usec. Rocky, doon sa pinirmahan po na 2021 General Appropriations Act ng ating Pangulo. Pero asahan naman po ng ating mga manggagawa na malaki po iyong budget na inilaan ng pamahalaan sa Department of Labor and Employment para po makapagbigay pa rin po tayo ng social protection program in the form of emergency employment under TUPAD doon po sa ating budget. Inaasahan po natin na mayroon po tayong about 21 billion para po sa programa na ito para po sa ating mga manggagawa.

USEC. IGNACIO: Opo. Para naman po sa kaalaman ng ating manunood at tagapakinig, ano po iyong mga sektor at trabaho iyong in-demand ngayon na maaari nilang aplayan?

DOLE ASEC. TUTAY: Opo. Usec. Rocky, iyon pong apat na sektor na babanggitin ko, ito po iyong tinatawag nating in-demand at resilient. So unang-una po, siyempre iyong mga health-related sectors. So iyong pangangailangan po sa mga nurses, medical technologies, medical practitioners at saka sa mga pharmacists, iyan po ay nakikita po natin sa iba't ibang job fairs na may mga bakante po na inu-offer.

Pangalawa po, iyong construction-related, dahil alam po natin na pinapalakas pa po natin hanggang ngayon iyong ating Build, Build, Build Program. So iyon pong mga pangangailangan sa civil engineers, mechanical engineers, electrical engineers and architects ay marami po tayong mga bakante na ipinu-post po natin sa ating TNK (Trabaho Negosyo Kabuhayan) website.

And then, of course, the very resilient sector is the Business Process Outsourcing. So iyong information technology, customer service representatives, programmers, encoders at saka po iyong mga app and game developers, iyan po ay in-demand.

And asahan din po natin iyong mga offerings po na job vacancies or job positions po sa gobyerno po. Kasi matandaan po natin iyong Civil Service Commission ay nagkaroon din po ng job fair para sa iba't ibang vacancies po ng lahat ng ahensiya ng pamahalaan, at ito po ay patuloy pa rin naman po [garbled]

USEC. IGNACIO: Okay. Ano na lamang po ang inyong mensahe sa ating mga kababayan partikular po sa maraming manggagawang Pilipino, Asec?

DOLE ASEC. TUTAY: Opo. Huwag po tayong mawalan ng pag-asa. Kailangan po nating bumangon. So ang ekonomiya po ay pababangunin rin po natin sa pamamagitan po ng tulong ng pamahalaan. Lagi pong sinasabi ni Secretary Bebot Bello at ni Secretary Mon Lopez na kapag may negosyo, may trabaho. So magtiwala po tayo sa ginagawa ng ating pamahalaan, at siyempre po, tiwala po sa ating sarili at sa Diyos.

Maraming salamat po.

USEC. IGNACIO: Maraming salamat po sa inyong oras, DOLE Assistant Secretary Dominique Tutay.

ALJO BENDIJO: Ika-siyamnapu't pitong Malasakit Center sa bansa binuksan sa Jolo, Sulu; mahigit dalawandaang market vendors diyan pa rin sa Sulu inabutan ng tulong ng tanggapan ni Senator Bong Go. Para sa detalye, panoorin natin ito:

[VTR]

ALJO BENDIJO: Huwag po kayong aalis, magbabalik pa ang Public Briefing #LagingHandaPH.

[COMMERCIAL BREAK]

BENDIJO: Nagbabalik ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Umaaray po ang mga mamimili dahil sumampa na sa P400 ang kada kilo po ng karneng baboy, pati na ang karneng manok nagtaas na rin ng presyo. Tanong tuloy ng taumbayan, hanggang kailan mabubutas ang kanilang mga bulsa? Para po sagutin iyan makakasama natin ngayong umaga si Department of Agriculture Assistant Secretary Kristine Evangelista. Magandang araw po.

ASEC. EVANGELISTA: Magandang umaga, sir; magandang umaga po sa lahat ng inyong tagapanood at tagapakinig.

BENDIJO: Opo, kasama din natin si Usec. Rocky, Asec. This is Aljo Bendijo. Ano po ba nag pangunahing sanhi, ASec., ng pagtaas ng presyo ng mga pangunahing produkto lalo na ng karneng baboy, karneng manok, isali na rin natin iyong karneng baka?

ASEC. EVANGELISTA: Ngayon po tinitingnan po natin ang inventory status po. Dahil nga po sa tinatawag nating law of supply and demand, kapag kulang po ang ating supply definitely mayroon pong paggalaw ng presyo. So iyan po ang dahilan kung bakit mayroon po tayong mga matataas na presyong nakikita lalo na pagdating sa baboy.

Pero tuluy-tuloy po sir, nagpapadala pa rin po tayo ng baboy mula sa Visayas at Mindanao. At habang mataas ang presyo ng baboy sa ating mga public market, mayroon po tayong Kadiwa meat, ito po ay pasok sa ating SRP at ito po ay alternative place para makabili po sila ng baboy na tama po ang presyo.

BENDIJO: So hindi po tayo nagkukulang, Asec, ng supply ng karneng baboy?

ASEC. EVANGELISTA: Hinihintay ko, sir ngayon ang ating report from our livestock group, kasi tinitingnan po namin ang inventory ng hogs, pati po ang ating mga frozen pork para makita natin if there is enough supply, because this will also help and guide us kung tama ang price point ng ating mga traders na ipinapasa naman po sa ating mga tindera.

Pero kasi sir, dahil po mayroon kasi Kadiwa meat, dito po nakakasiguro na within SRP... actually mas mababa pa nga po sa SRP ang presyo ng ating karne doon. But for the meantime, definitely we are working on increasing the supply kasi mayroon po tayong mga nakitang kakulangan ng supply mula sa Luzon. So, tuluy-tuloy pa rin po ang pagtulong ng Visayas at Mindanao para po to augment our pork supply dito po sa Metro Manila.

BENDIJO: Hindi po kailangan po na mag-angkat pa tayo ng mga imported na karneng baboy, Asec?

ASEC. EVANGELISTA: Well sir, para sa akin po bago po tayo mag-angkat, kailangan muna talaga makakuha tayo ng konkretong datos kung gaano karami po ba ang ating imbentaryo ng pork products, whether these are imported or locally produced.

So, ito naman po kapag sinabi na pong mga frozen at inventory, then we are coordinating with NMIS. Once, we have the data which we hope we will get within the day, then we can also help give our recommendation, because definitely lalo na po sa agri-business po sa amin, we will always push for local products po. Kaya iyong local na baboy, kaya nakikipagtulungan po, ngayon nga sa Mindanao para iyon dapat ang ating priority over and above the imported products.

But again, if we are looking at food security when we cannot also not have imported, it means magkukulang po ang ating mga pork dito po sa Metro Manila, sir.

BENDIJO: ASec., hindi ba ito dahil sa banta pa rin ng African Swine Fever at bird flu sa malaking bahagi ng bansa?

ASEC. EVANGELISTA: Totoo po iyan, sir. Affected po ang ating inventory, ang ating supply, dahil nga po doon sa ating mga – iyong mga sinabi ninyo - ASF, pati po bird flu. At mayroon din po tayong ibang mga livestock raisers, mga poultry raisers po dati na medyo tumigil po ano, noong tinamaan po kasi tayo ng pandemya lalo na noong panahon ng ECQ, mayroong mga ibang farm na hindi na nagpatuloy. Iyan po ay isa pang rason kung bakit affected po ang ating supply.

BENDIJO: Ano po ang inihahain ninyong mga alternatibo sa atin pong mga mamimili habang mataas pa ang bilingin po ngayon sa merkado, ASec.?

ASEC. EVANGELISTA: Yes, sir. Tuluy-tuloy po ang ating Kadiwa sa iba't ibang lugar, mayroon po iyan sa mall, sa gasoline station, sa iba't ibang tanggapan po ng Department of Agriculture we have an area that is open to the public, doon po sila puwedeng bumili ng mga karne kasama na po diyan ang pork at chicken, within SRP po iyan at ang ating mga gulay din po definitely within SRP at mas mababa pa nga po.

Patuloy pa rin po naming hinihikayat ang mga public markets, kasi po ang ating mga Kadiwa suppliers, eh nagbabagsak na sa public markets para doon sila kumuha. Kasi iyong mga tindera po natin, sir, sabi nila mataas iyong pinagkukunan nila noong kanilang ibinibenta. So, we are having some challenges, dahil mayroon pong ibang public markets na ayaw pong papasukin ang ating mga kooperatiba upang magbagsak ng kanilang mga produkto. But we are continuously working on it.

Isa pong public market ay nagbukas na po ng kanilang pinto sa amin and hopefully other public market will follow. Kasi kapag mura po ang pinagkunan ng tindera ng palengke ng kaniyang binibenta, then definitely po, bababa din po ang presyo ng kaniyang produktong binibenta, sir.

BENDIJO: Hindi naman po tayo nagkulang sa atin pong kampanya upang tulungan at labanan ng Agriculture Department ang sakit na African Swine Fever, pati na po itong bird flu, ASec.?

ASEC. EVANGELISTA: Well sir, I would like to believe 'no, na ang ating BAI at ang ating departamento ay tuluy-tuloy po sa ang operation scheme, working on it, pati ang ating mga regional offices kung saan po ang bird flu at ASF ay malaking problema. Tuluy-tuloy po ang kanilang pakikipagtulungan sa mga LGU to address and contain problems like, this, sir.

BENDIJO: Sa bigas naman po tayo, kumusta po ang supply ng bigas lalo na at binayo tayo ng mga bagyo sa huling buwan po ng year 2020, ASec.?

ASEC. EVANGELISTA: Well, sa bigas po, okay pa po tayo, sufficient naman po ang ating bigas, so at least nakikita ninyo naman po ang presyo ng bigas natin hindi malaki ang paggalaw, lahat iyan po ay isang indication that we have enough na bigas, sir.

BENDIJO: Opo. How about iyong gulay, Ma'am, may mga indikasyon din, may mga reports na tumaas din ang presyo. Ano po ang dahilan?

ASEC. EVANGELISTA: Yes po, nakita ko rin po, sir sa ating price monitoring. Kasi ang ating price monitoring araw-araw po, nag-iikot po sa palengke ang ating mga kasamahan sa Department of Agriculture. Tumaas nga po ang presyo ng gulay at because of that lalo po naming ini-strengthen ang Kadiwa. Kasi at least doon, sir, sa ating mga Kadiwa, mura ang gulay and hopefully, these Kadiwa retail will become Kadiwa suppliers to our public markets para mas mababa din pong mabenta ang gulay sa ating mga public market.

But definitely as far as supply is concerned, despite the fact that it's not harvest season, we have gone through a lot of mga bagyo po, tuluy-tuloy po ang production at ang logistics po ang ating mga regions po, bumili na po ng mga hauling trucks para tumulong sa pagdala dito ng mga produktong agrikultura. It will also mean mababawasan po iyong cost sa pagdala dito ng gulay para po hindi rin po masyadong tumaas ang presyo ng ating mga agricultural products.

BENDIJO: All right, maraming salamat po sa iyong panahon, Department of Agriculture Assistant Secretary Kristine Evangelista.

ASEC. EVANGELISTA: Maraming salamat, sir at maraming salamat. Magandang umaga po muli sa inyong lahat.

USEC. IGNACIO: Ngayon naman po upang talakayan ang mga punto na mahalagang malaman ng ating mga kababayan kaugnay pa rin sa COVID-19 vaccine, muli po nating makaka-usap ang mga opisyal ng DOST na sina Secretary Fortunato Dela Peña at Assistant Secretary Leah Buendia. Magandang araw po sa inyong dalawa.

DOST SEC. DELA PEÑA: Magandang umaga, Usec.; magandang umaga sa lahat.

USEC. IGNACIO: Opo, kasama ko po si Aljo Bendijo.

Secretary, kinumpirma po ng DOH na isang Pilipino na dumating sa Hong Kong ang tinamaan ng bagong variant ng COVID-19. So, ano po ang reaksiyon dito ng DOST; maaari bang nasa Pilipinas na nga iyong bagong variant COVID-19 ngunit hindi pa ito nadi-detect?

DOST SEC. DELA PEÑA: [Off mic] nadi-detect na ganiyan, kasi kung matatandaan natin iyong sinabi ay nag-positive siya, I think 8 days after she arrived in Hong Kong. So hindi malaman pa kung iyan ba ay sa Hong Kong ba nakuha o kung dito kaya nagku-contact tracing sa lahat pati iyong mga nasa unahan niya sa eroplano at nasa likod ay tini-trace talaga. Na-contact na yata naman ano kaya hindi natin masabi na dito nakuha iyon, puwede ring sa Hong Kong pagdating niya doon. Kasi antimano quarantine sila pagdating doon agad eh, pero negative siya sa PCR before boarding the plane.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero Secretary, gaano po ba kahirap malaman itong bagong variant na ito sa mga tini-test ngayon na samples?

DOST SEC. DELA PEÑA: Hindi naman mahirap kaya lang kailangan ng equipment talaga na nandoon lamang sa Philippine Genome Center at saka siyempre mas maganda kung maraming sample na maisa-submit sa kanila. Kasi ang sabi nga sa Philippine Genome Center, maganda sana kung nakaka-700 man lang sana kami noong mga samples, at as of now 350 pa lang ang nakukuha nilang sample.

USEC. IGNACIO: Opo. Ito po bang genome sequencing ay enough ang samples natin para masabi talaga na wala pang bagong variant sa Pilipinas at masasabi natin ba na sapat po iyong Philippine Genome Center—

DOST SEC. DELA PEÑA: Nawala ang aking sounds sa inyo. Pakiulit lang, USec.

USEC. IGNACIO: Opo. Sapat po ba itong ating Genome sequencing, mayroon tayong enough samples para po malaman natin itong variant na ito sa Pilipinas o para ma-check po natin itong bagong strain ng virus?

DOST SEC. DELA PEÑA: Lahat nang naiibang variants ay nati-trace diyan sa DNA sequencing kaya hinahanap nga iyong partikular na variant na katulad noong sa UK at saka iyong sa South Africa. So, so far wala po silang nakikita. Pero iba-ibang variant ang nakikita diyan ano, hindi lang iyong UK at saka South Africa. Siyempre may mga variations talaga iyan.

USEC. IGNACIO: Opo. Bilang bahagi po, ang DOST ng Technical Working Group na magsusuri po sa bagong variant ng COVID-19, so ano po ba ang ilan sa mga strategies ninyo para po matiyak na kung may nakapasok nang bagong variant ng COVID-19 sa bansa ay talagang mapigilan pa rin po ito, talagang wala talagang makapasok Secretary?

DOST SEC. DELA PEÑA: Actually ang nagtsi-Chair ngayon niyang bagong grupo na iyan ay si Usec. Vergeire, Co-Chair si Dr. Jaime Montoya. Hindi ko siya naisama dito kasi nag-uusap din ng preparasyon para sa Senate hearing sa Lunes ano, pero nandoon na, naka-outline na iyong mga gagawin para ika nga eh ma-minimize iyong possibility na magkaroon iyang mga variant na iyan na papasok dito sa atin.

On the part of DOST, ang amin talagang tinitiyak eh magkaroon ng enough na pondo ang Philippine Genome Center para tuluy-tuloy ang pag-a-analyze noon. Kami ang nagpuondo noong analysis na ginagawa diyan sa DNA sequencing sa Philippine Genome Center at iyan ang kanilang tuluy-tuloy na ginagawa. So maganda kung maisa-submit nang maisa-submit iyong mga sample para ma-analyze na agad.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, bigyang-daan lang natin iyong ilang tanong ng ating media partners ano po. May tanong si Jam Punzalan ng ABS-CBN: Ano po Secretary ang masasabi ninyo sa ulat ng isang Taiwanese news org.; ang sabi po ang Sinopharm vaccine ang pinakadelikado sa buong mundo dahil sa umano ay 73 side effects nito? Acceptable po ba ito at paano nito maaapektuhan iyong ating pagpili ng bakuna?

DOST SEC. DELA PEÑA: Well, mayroon tayong prosesong sinusunod, magdadaan siya. At kung siya ay gustong mag-clinical trial dito, doon lang siya dumadaan sa DOST Task Group on Evaluation and Selection. Kung siya naman ay magsu-supply na lang, diretso na po siya sa FDA at ang FDA na ang bahala kung ano ang kanilang basehan ng kanilang desisyon. Puwede nilang ipasa din sa amin para gawan ng evaluation. Pero ang Sinopharm ang pagkakaalam ko, ASec. Leah, at a certain point sinabi na nilang hindi na sila magki-clinical trial dito. Tama ba ako, ASec. Leah?

DOST ASEC. BUENDIA: Sir, sa ngayon po ay wala pa silang final decision kung sila ba ay magku-conduct ng clinical trial or sila ay mag-a-apply lang ng EUA or Emergency Use Authorization. So far po, wala pa rin tayong data na natatanggap although mayroon po tayong initial na na-sign-an na Confidentiality Disclosure Agreement with Sinopharm, hindi pa po [garbled] as of the moment.

USEC. IGNACIO: Opo. Ulitin ko lang po ASec., Buendia, wala pa po, maski itong Gamaleya po ay hindi na magki-clinical trial sa Pilipinas? Hindi pa rin po ba ito final or mag-a-apply na po sila ng Emergency Use Authorization?

DOST ASEC. BUENDIA: Recently po, itong linggo lang na ito they formally informed, ang DOST at saka po ang Technical Group on Evaluation, na hindi na wini-withdraw na po nila iyong kanilang application for clinical trial. Rather they will apply for EUA na lang po.

USEC. IGNACIO: Okay. Opo. Para po kay Secretary Dela Peña, mula pa rin po kay Jam: May dalawa na pong survey na nagpapakita na karamihan ng mga Pilipino hindi pa sigurado o ayaw magpabakuna. Ano po iyong puwede ninyong sabihin sa kanila para naman po makumbinsi na magpabakuna at bakit importante na maraming Pilipino ang dapat po ay magpabakuna?

DOST SEC. DELA PEÑA: Oo. Eh importante nga kasi para tayo ay magkaroon nang mataas na confidence na hindi na kakalat, eh magkaroon ng tinatawag na herd immunity at ayon sa sinasabi sa amin ng mga nakakaalam ay maganda sana kung at least 60% ng ating populasyon ay mabakunahan. Mayroon tayong isang task group, nagri-report pa rin sa Vaccine Cluster under kay Secretary Galvez na ito lang ang kanilang assignment, iyong demand generation para sa bakuna at saka iyong information dissemination. Ito ay pinamumunuan ninyo, ng PCOO, at kasama ang Department of Health. So iyan po ang ating inaasahang mangyayari, magkakaroon nang malawakang program for demand generation at adequate information dissemination.

USEC. IGNACIO: Opo. May tanong po si Ian Cruz ng GMA-7, Secretary. Ito po iyong tanong niya: According po kay Secretary Galvez, sa third or fourth quarter of the year na maidi-deliver daw po iyong Pfizer vaccine. May ilang alternative vaccine po ba ang bansa para mas maagang masimulan ang pagbabakuna kontra COVID-19?

DOST SEC. DELA PEÑA: Marami pong alternatibo at siguro marinig natin kay ASec. Leah kung gaano karami iyan, iyong nakalinya pa, oo.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyon daw pong Sputnik V ng Gamaleya of Russia napaulat na tulad ng Moderna at Pfizer, nasa 90% ang efficacy rate. Gaano daw po karaming bakuna ang target na kunin mula sa Russia? Tanong pa rin po ni Ian Cruz ng GMA-7.

DOST SEC. DELA PEÑA: Oo. Iyan po ay trabaho noong ating procurement group ano, so hati-hati po kami ng trabaho. So, iyong pagdi-determine kung kanino bibili at kung gaa-gaano ay iyon ay doon sa Procurement Task Group na pinamumunuan ng DOF at DBM. Kasi po sila iyong nakakaalam kung saan kukuha ng pambayad at iyan naman ay niri-report din sa ating Vaccine Czar.

USEC. IGNACIO: Opo. Marami daw po ang may agam-agam sa mga bakuna mula sa China dahil sa mas mababang efficacy rate nito. Kung kukunin po natin ang bakuna nila, paano po magiging katanggap-tanggap ito sa publiko?

DOST SEC. DELA PEÑA: Hindi naman po siguro bibigyan ng go signal ng FDA kung mayroong ebidensiya na hindi siya karapat-dapat. So magtiwala po tayo sa ating FDA na siyang nakakaalam kung papaano, 'ika nga, ang basehan para bigyan ang bidder, Emergency Use Authority or ng talagang permiso to market.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, tumugon na po ba ang Sinopharm doon sa reply ninyo na hindi natin mapupondohan ang kanilang clinical trial? Sakaling hindi na talaga sila tumuloy sa clinical trial sa bansa, may epekto ba daw po ito sa vaccine roll out sa ating bansa?

DOST SEC. DELA PEÑA: Iyan po naman ay puwede silang dumiretso, hindi naman po required ang clinical trial. Kaya lang iyong iba gusto talagang mag-clinical trial dahil 'pag nag-clinical trial dito halimbawa sa Pilipinas ay mas mapa-facilitate ang evaluation ng ating FDA kasi dito mismo sa mga Pilipino sinubukan iyong bakuna. At gusto rin naman nilang magkaroon ng clinical trial, either gusto nilang madagdagan ang kanilang [garbled] or gusto nilang masubukan talaga sa isang partikular na lugar o sa isang partikular na ethnic group.

Ngayon iyong desisyon whether itutuloy nila iyong clinical trial or hindi ay nandoon po iyon sa kumpanya na gumagawa ng bakuna. Pero puwede silang dumiretso sa FDA either for an EUA or for actually the approval of their product to be marketed.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, may tanong po kami kay Asec. Buendia.

Asec. Buendia, nabanggit po noong Miyerkules ni Dr. Montoya sa ating vaccine special program na ang isang bakuna po ay maaaring mabisa sa isang grupo, samantala ang ibang bakuna ay maganda naman sa kabilang grupo. Sa oras na maipamahagi raw po iyong COVID-19 vaccine sa publiko, magkakaroon ba daw po ng clustering based on vaccine brand, risk factor ng recipient at iba pang pamantayan?

DOST ASEC. BUENDIA: Ngayon pa lang po na ini-evaluate ng ating vaccine [expert panel] ay mayroon na pong tinitingnan kung alin ang epektibo sa ganitong grupo at alin ang hindi epektibo sa ibang grupo. So sa mga datos po na ibinibigay ng ating mga vaccine experts ay tinitingnan na nila iyan, hindi pa lang po nag-a-apply ay mayroon na pong evaluation na ginagawa.

So palagay ko po ay bago iyan dumating sa merkado or bago pa magkaroon ng roll out ng vaccine ay alam na po kung saan epektibong grupo ang isang specific na vaccine.

USEC. IGNACIO: Opo. Asec. Buendia, may ilang LGU—

DOST SEC. DELA PEÑA: Halimbawa, iyong mga age group—

USEC. IGNACIO: Go ahead, Secretary.

DOST SEC. DELA PEÑA: Age group, puwede siyang maganda sa mga bata; puwede siyang maganda sa matatanda o iba-iba, iba-ibang ... base sa kanilang data.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, may ilang LGUs na po iyong nagkaroon ng pre-registration para sa bakuna. Dapat po ba ngayon pa lang ay ikinukonsidera na ng LGUs sa kanilang registration ang health factors para po maiwasan iyong kaso ng severe reaction; at nasilip ninyo na po ba iyong registration forms nila, pasado po ba ito, Secretary?

DOST SEC. DELA PEÑA: Hindi sila sa amin nagkukonsulta pa diyan eh. Ewan ko kay Asec. Leah kung may alam siya na nagkonsulta sa DOST o sa Task Group on Vaccine Evaluation iyong tungkol sa pagpaparehistro ng mga LGUs, ano.

Mayroon ka bang alam, Asec. Leah, na nakipag-ugnayan sa atin na LGUs o dumidiretso sila kay Secretary Galvez?

DOST ASEC. BUENDIA: Sir, wala pa pong registration na ginagawa ang LGU na pumasa po sa technical group ng evaluation and selection. Maybe iyon pong sa registration will come kapag po nandiyan na iyong WHO, but ito po ay clinical trial; hindi po siya iyong EUA.

USEC. IGNACIO: Okay. Sa ngayon po Secretary, kumusta na po ba iyong ilan sa mga pinag-aaralan ng DOST gaya po ng virgin coconut oil at iba pang herbal medicine as COVID-19 treatment?

DOST SEC. DELA PEÑA: Kahapon lang ay pinag-usapan namin iyan. Unang-una, iyon ngang VCO sa Sta. Rosa, natapos na; at uumpisahan na namin iyong VCO trial sa Valenzuela para madagdagan pa iyong ating... ika nga ay mga trials na magawa.

At iyong sa PGH naman ay medyo nilawakan na nila ang kanilang volunteers sa amin na ring kahilingan na hindi lamang iyong severe and moderate cases ang isama sa kanilang trial, isama na rin iyong ilang may comorbidities. Kaya lang, piliin lang nila kung anong comorbidities ang kanilang isasali dahil iyong... siyempre ayaw naman natin iyong mayroong risk na magkaroon ng bad reaction. So sila na iyong magdi-determine kung anong mga comorbidities.

Ang isa na nakikita nilang puwedeng isama na ay iyong mga matataas ang cholesterol kasi iyan ay in-include natin doon sa Sta. Rosa trials. Ngayon, sinasabi doon sa PGH isasama na nila siguro itong mga ganitong klase na comorbidities na hindi naman risky at nang sa ganoon ay dumami-dami ang ating volunteers.

Kasi iyong severe and moderate cases, nitong mga nagdaang linggo at buwan ay bumaba ang numbers 'no ng mga naa-admit na ganoong cases kaya bumabagal ang pag-iipon ng mga volunteers.

Pero ang aming mga pinag-usapan kahapon, maging itong sa Lagundi o maging itong sa Tawa-Tawa ay by the end of February ay magkakaroon na kami ng mga ia-announce na resulta.

USEC. IGNACIO: Okay, salamat po. Secretary, kunin ko na lamang po ang inyong mensahe sa ating mga manunood.

DOST SEC. DELA PEÑA: Oo, siyempre ang mensahe ko pa rin: Ang ating pamahalaan naman ay talagang sinikap na magkaroon tayo ng magandang ika nga ay organisasyon para sa paghahanda at pagkakaroon ng vaccination program.

Nabanggit ko na siguro noong dati, pero uulitin ko na kami ay nandoon sa vaccine evaluation and selection, kasama namin ang DOH. More on the evaluation ang DOST; more on the selection ang DOH.

Nandiyan din iyong procurement task group na ang magkasama naman diyan ay ang Department of Finance at ang Department of Budget and Management. Iyon namang mga kinakailangang international negotiation para sa supply ay pinangungunahan ng DFA. At pagdating doon sa mismong vaccine roll out or vaccination program, kasama na iyong isa pang task group na tinatawag na storage and logistics, iyan po ay sa Department of Health.

At ang kahuli-hulihan nga, hindi naman ibig sabihin ay huling gagawin ang trabaho pero actually ay ika-6 ay iyong sa demand generation and information dissemination na pinangungunahan ng PCOO kasama ang DOH.

Kaya lahat po na iyan ay nagri-report kami sa Vaccine Czar, at ang Vaccine Czar na ang nakikipag-ugnayan sa Pangulo [garbled]. At magtiwala po tayo na ang lahat ay ginagawa para mapabilis ang pagkakaroon natin ng bakuna dito sa ating bansa at mai-deliver ito sa tamang mga grupo agad at nang sa ganoon tayo ay maging ligtas at nang tayo ay maka-recover na.

So magkaroon sana tayo ng, ika nga, ng optimistic view about this at ika nga eh samahan na rin natin ng dasal na sana tayo ay makalampas na dito sa pagsubok na ito. Marami pong salamat.

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat po sa pagsama sa amin ngayong araw, Secretary Fortunato Dela Peña, kasama pa rin po si Assistant Secretary Leah Buendia mula po sa DOST. Salamat po.

DOST SEC. DELA PEÑA: Salamat din, Usec. Rocky.

DOST ASEC. BUENDIA: Salamat po nang marami.

ALJO BENDIJO: Samantala, mga apektadong residente sa nangyaring sunog sa Barangay Culiat, Lungsod Quezon pinaabutan ng tulong ng opisina ni Senador Bong Go. Sa iba pang mga detalye, panoorin natin ang report na ito:

[VTR]

ALJO BENDIJO: Samantala, kumustahin natin ang sitwasyon sa Quiapo para sa pagdiriwang bukas ng Traslacion ng Poong Nazareno, makakausap natin si Police Brigadier General Leo Francisco, ang Director ng MPD (Manila Police District). General Francisco, magandang umaga po.

GEN. FRANCISCO: Magandang tanghali sa iyo at sa lahat ng iyong tagapakinig at nanunood sa telebisyon.

BENDIJO: General, this is Aljo Bendijo, kasama din natin si Usec. Rocky Ignacio. So far kumusta po ang inyong monitoring diyan po sa Quiapo. Nasusunod ba iyong ipinapatupad na minimum health protocols?

GEN. FRANCISCO: Sa ngayon ang Manila Police District ay nangangalaga at pinapatupad talaga ang mga protocols na ibinaba ng ating IATF. At sa ngayon, Friday, regular masses ito, pero makikita ninyo marami nang tao. Kaya iyong ating deployment ng pulis ay dinagdagan natin para ma-maintain ang physical distancing.

BENDIJO: May ruta ba kayong inilatag kung saan papasok at lalabas ang mga tao po diyan, lalo na sa simbahan? Nagkakaroon po ba ng pagkuha ng contact tracing information?

GEN. FRANCISCO: Mayroon tayong inilatag na mga ruta para bukas at ito ay magsisimula mamayang gabi at iku-close natin ang streets ng Villalobos, Palanca, ang north and south bound ng Quezon Boulevard at ang Rizal Avenue. So, ito ay gagawin natin dahil sa pag-aanalisa natin, maraming tao ang pupunta at ang mga espasyong ito ang gagamitin para sila

ay ma-maintain ang ating physical distancing. Bago sila makapunta sa Quiapo Church, daraan sila sa choke points, so doon sila kukunan ng body temperature, tsitsekin kung sila ay may face mask at face shield. Kung wala naman bibigyan sila sa choke point na iyon, dahil may provided ang city government of Manila at saka ang Quiapo Church at ang PNP ng libreng face mask at face shield.

BENDIJO: Opo. Kanina nandiyan po tayo, nag-live para sa Rise and Shine Pilipinas sa PTV general. At may napansin po tayong hindi talaga nasusunod iyong minimum health protocols – iyong social distancing, iyan po ang concern ngayon. May mga senior citizens din at mga batang nakita tayo diyan. Kanina, ano po ang estimate ng mga taong pumunta diyan at maituturing ba nating security nightmare ang ating pagbabantay lalo na bukas na inaasahang dadagsa ang mga tao?

GEN. FRANCISCO: Kanina, mga apat na libo iyong unang mass at sa ngayon nakalatag talaga ang ating security preparation. Sa kaalaman ng ating mamamayan, may tatlong rings of security tayo. Una iyong ating border city limits, mayroong checkpoint tayo doon. Pangalawa mayroon tayong outer checkpoint, ito ay mga two kilometers away from the area of Quiapo. At ang pinakahuli nga ay itong venue or area security, nasa perimeter ito ng Quiapo Church, ng ating Sta. Cruz Church, San Sebastian Church at saka iyong Black Nazarene School, ito kasi iyong pagdadausan ng simultaneous masses tomorrow.

BENDIJO: General, may mga ulat ba tayong natanggap na mga aksidente, mga petty crimes na naiulat diyan at security threat diyan sa Quiapo, sa paligid po ng simbahan lalo na?

GEN. FRANCISCO: Aside nga from maintaining the IATF protocols at ipapatupad natin iyan, isa ring ginagawa ng kapulisan ay iyong mabawasan ang kriminalidad o walang krimen na dapat mangyari sa lugar na iyan. Iyong threat ng terrorism ay isinasaalang-alang din natin kaya dapat ang mamamayan ay makipagtulungan sa kapulisan at city government ng Manila na kung hindi naman dapat na pumunta sila diyan at puwede namang maipakita ang kanilang pananampalataya sa malapit na simbahan kung saan sila nakatira, mas mabuti po na mag-stay at home na lang at huwag nang pumunta sa Quiapo, dahil nakikita namin na maraming tao ang pumupunta sa Quiapo.

BENDIJO: Opo, nailatag na ba iyong mga LED na monitor sa labas po ng simbahan, diyan, General? iyon po ang sabi ng pamunuan ng Quiapo Church.

GEN. FRANCISCO: Mayroon po tayong LED na nakalatag sa paligid ng Quiapo at ito po ay tinitingnan o dinadaluhan ng mga deboto na hindi makapasok sa Quiapo. So, may mga ilan tayong LED diyan, more or less 8 sa paligid ng Quiapo, masasabi ko sa Plaza San Juan, mayroon tayo along Palanca at dito sa billboard ng mercury drug gagamitin din ito na LED para sa misa.

BENDIJO: Wala ba tayong mungkahi, General na putulin muna ang signal ng telepono o Wi-Fi diyan?

GEN. FRANCISCO: Pinag-uusapan pa rin natin ito ngayon at makakakuha kayo sa akin ng update within the day, kasi tinitingnan namin at ina-assess kung kailangan pa ba o hindi na.

BENDIJO: Okay, keep us posted, General. Mensahe na lang, paalala sa atin pong mga debotong tutungo diyan sa Quiapo lalo na bukas?

GEN. FRANCISCO: Nananawagan po ang Manila Police District at ang City Government of Manila na sundin natin ang patakaran na ibinaba ng IATF, iyon po ay ang pagsusuot ng facemask, face shield at i-maintain natin ang one meter distancing. Kung maaari huwag na tayong pumunta sa Quiapo dahil isipin natin ang ating kaligtasan at kaligtasan ng ating mga kasama at mamamayan. Tandaan natin, hindi lang ito ang magiging fiesta ng Black Nazarene, kung tayo ay makaiwas sa pandemic na ito, mas marami pa tayong Traslacion o fiesta na puwede nating makita sa susunod na mga panahon.

BENDIJO: Maraming salamat sa inyong update, Police Brigadier General Leo Francisco, ang Director ng Manila Police District. Thank you po.

USEC. IGNACIO: Samantala, mula naman po sa PTV-Davao, magbabalita si Jay Lagang, Jay?

(NEWS REPORTING)

USEC. IGNACIO: Maraming salamat Jay Lagang.

BENDIJO: Puntahan natin si Breves Bulsao mula sa PTV-Cordillera, Breves?

(NEWS REPORTING)

BENDIJO: Maraming salamat, Breves Bulsao.

USEC. IGNACIO: Dumako naman tayo sa pinakahuling tala ng COVID-19 cases sa buong bansa. Base po sa report ng Department of Health kahapon, January 7, 2021, umabot na po sa 482,083 ang total number of confirmed cases. Samantala, naitala naman ang 1,353 new COVID-19 cases kahapon. Siyam na katao naman ang bagong bilang ng mga nasawi, kaya umabot na sa 9,356 cases ang kabuuang bilang ng COVID-19 deaths sa ating bansa, ngunit patuloy rin naman ang pagdami ng mga nakaka-recover na umakyat na sa 449,052 matapos makapagtala ng 360 new recoveries. Ang kabuuang total ng ating active cases ay 23,675.

At iyan nga po ang mga balitang aming nakalap ngayong araw. Ang Public Briefing po ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng PCOO, sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng mga Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP.

BENDIJO: Maraming salamat din sa suporta ng Filipino Sign Language Access Team for COVID-19. Magandang tanghali Pilipinas. Thank you, Usec. Muli po ako si Aljo Bendijo.

USEC. IGNACIO: Salamat sa iyo, Aljo. Mula po sa Presidential Communications Operations Office, sa ngalan ni Secretary Andanar, ako naman po si Usec. Rocky Ignacio. Ito po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center